

INTERNATIONAL NAPASA (July 22, 2025)

1) SEMINAR PARA SA PAGGAWA NG ABONO MULA SA BASURA

なま りごみ から たいひ つくる こうしゅうかい し
生ゴミから堆肥を作る講習会のお知らせ

Sa July 30 (Wednesday) ay magkakaroon ng **“SIMINAR SA PAGGAWA NG ABONO MULA SA NABUBULOK NA BASURA”** dito sa Hiratsuka City. Ang Oras ay mula 10:00 ng

umaga hanggang alas 3:00 ng hapon. Ang lugar ay sa Hall ng 1st floor ng Hiratsuka City Office

ANG MGA PAG-AARALAN AY ANG MGA SUMUSUNOD4 NA MGA PAMAMARAAN :

1. Paraan ng paggawa ng abono sa pamamagitan ng pagbabalik sa lupa ng mga basura mula kusina.
2. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang Composting Bin.
3. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang planter
4. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang Styrofoam.

Dito ay hindi na kinakailangan pang magpareserba, dumirekta na lamang sa 1st floor ng City Office. Para sa iba pang katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa **ENVIRONMENTAL POLICY DIVISION**. Telephone No. **0463-21-97-62 (0463-21-9762)**.

2) IMPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

しょうなんひらつか ふれあいマーケットのお知らせ
湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa July 27 (Sunday) ay magkakaroon ng **SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa **INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106)**.

3) UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

ひらつかし のうぜいか ぜいきん のうふきげん し
平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa July 31 ang huling palugit ng ikalawang bahagi ng bayarin ng **PROPERTY TAX**. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

4) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

さかなちよくばいかい
魚 直売会のお知らせ

Sa July 26 (Saturday) ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 (0463-21-0146).**

5) UKOL SA JAPANESE LANGUAGE CLASS MULA SA MGA BOLUNTARYONG GURO

ボランティアによる日本語教室のお知らせ

Ang mga sumusunod na 4 na **JAPANESE LANGUAGE CLASS** sa Hiratsuka City mula sa mga voluntaryong guro:

1. HIRATSUKA INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION.
2. KABERA JAPANESE LANGUAGE ASSOCIATION.
3. SHONAN JRC
4. YOKOUCHI PROJECT.

Ang lahat ng nabanggit na Classroom ay walang bayad at ang lugar ng araw ng pagsisimula, Kwalipikasyon sa Paglahok at mga detalyadong impormasyon ay makikita sa Home Page ng **HIRATSUKA CITY**.